

Manatiling MAINGAT sa Taglamig na madaling kapitan ng sakit at sa Bakasyon ng Bagong Taon

Sa Lahat ng Mamamayan ng Prepektura

1. Iwasan ang mga kilos na mataas ang Panganib na Mahawaan ng Sakit

- Mula noong Setyembre, ang mga “cluster/kumpol” sa loob ng Prepektura ay nagsimula sa mga “closed space o saradong lugar” tulad sa:

- Mga party o events na may kainan, inuman, at maraming tao kabilang ang mga kamag-anak na idinaraos ng mahabang oras
- Mga restawran na nag-aalok ng alak kasama ang maraming bilang ng tao.

Sa buong bansa, nangyayari rin ito sa mga taong nakatira sa maliit/ masikip na ispasiyo (dormitoryo, atbp.) at sa mga lugar na parating labas-pasok ang mga tao (waiting room, atbp.).

⇒ Iwasan ang mga lugar na mataas ang peligro ng impeksyon tulad ng “kainan at inuman na may alak, at maraming tao”.

Iwasan ang “pag-alis ng mask” at “pakikipagusap sa malakas na boses at pagtalsik ng laway”.

2. Huwag magpumilit kung hindi maganda ang pakiramdam!

- May ilang mga kaso na kumalat ang impeksyon dahil lumabas ang mga tao kahit na masama ang kanilang pakiramdam.

⇒ Kung hindi maganda ang pakiramdam, huwag nang pilitin pang pumasok sa trabaho/ paaralan o pati ang kumain sa labas.

Agad na kumunsulta sa medikal na institusyon.

3. “Magsuot ng Mask”, “Maghugas ng Kamay ng mabuti” at “Panatilihin ang distansya sa ibang tao”

- Narito na ang “dry winter season”, kung saan madaling kumalat ang iba't ibang mga nakakahawang sakit.

⇒ Kailangan ang kooperasyon ng lahat upang maprotektahan ang isa't isa laban sa impeksyon. Patuloy at lubusan isatupad ang mga pangunahing hakbangin sa pag-iwas ng impeksyon.

⇒ Magtalaga ng “COVID Guard (pansamantalang pangalan)” sa loob ng trabaho at bahay na siyang magtataguyod ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon nang walang pagpapabaya.

4. Deklarasyon ng Pagpigil sa “COVID-19 Harassment”

- Bilang karagdagan sa iba't ibang public awareness, papalaskin ang consultation support network at pagpapatupad ng online patrol.

⇒ Lumilikha ng lugar na hindi pinapayagan ang “COVID-19 Harassment”.

Kung naging biktima ng harassment o naka kita/ nakarinig ng tungkol dito, kumunsulta kaagad sa consultation centers.